# DAIGIN ANG MUNDO at Makasumpong ng Kapahingahan

**Ni Pangulong Russell M. Nelson**
Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Dahil nadaig ni **JESUCRISTO** ang makasalanang mundong ito, at dahil nagbayad-sala Siya para sa bawat isa sa atin, madaraig din ninyo ang mundong ito na puno ng kasalanan, makasarili, at kadalasa'y nakakapagod.



Kapag tunay kayong nagsisisi at humihingi ng tulong sa Kanya, madaraig ninyo ang kasalukuyang mapanganib na mundong ito at makasusumpong kayo ng tunay na *kapahingahan*.

## PAANO NATIN MADARAIG ANG MUNDO?



Hangarin at sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu.



Magsisi araw-araw at tuparin ang mga tipan na nagkakaloob sa atin ng kapangyarihan.



Manatili sa landas ng tipan.

## ANO ANG IBIG SABIHIN NG DAIGIN ANG MUNDO?

Ang ibig sabihin nito ay:

- Pagdaig sa tuksong mas pahalagahan ang mga bagay ng mundong ito kaysa sa mga bagay ng Diyos.



- Pagtitiwala sa doktrina ni Cristo nang higit kaysa sa mga pilosopiya ng mga tao.



- Pagkalugod sa katotohanan, pagtuligsa sa panlilinlang, at pagiging "mapagpakumbabang mga alagad ni Cristo."



- Pagpiling iwasan ang anumang bagay na nagtataboy sa Espiritu at pagiging handang "talikuran" maging ang ating mga paboritong kasalanan.



- Pagmamahal sa Diyos at sa Kanyang Pinakamamahal na Anak nang higit kaysa sa pagmamahal mo sa sinuman o sa anupaman.





**ANG TAGAPAGLIGTAS ANG TUMUTULONG SA ATIN** na madaig ang impluwensya ng masamang mundong ito sa pamamagitan ng pagkakaloob sa atin ng higit na pag-ibig sa kapwa, pagpapakumbaba, pagiging bukas-palad, kabaitan, disiplina sa sarili, kapayapaan, at *kapahingahan*.

**DAHIL NADAIG NI JESUCRISTO ANG MUNDONG ITO, MAGAGAWA RIN NINYO IYON.**

***Mula sa mensahe sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2022.***

MGA LARAWANG-GUHIT NI BRYAN BEACH